



## BAHAGI 3: Gastahin Nang Tama

### PANIMULA

Iniiimbitahan ni Hesus ang lahat ng tao na sumunod sa kanya. Makasalanan man o walang pananampalataya, lahat ay imbitado. Ikaw ay iniimbitahan nya rin. Pero meron kang kailangang malaman patungkol sa pagsunod kay Hesus. May bayad ito sa kalaunan.

Posibleng ang kabayaran dito ay pera, trabaho, reputasyon, o relasyon. Ito ay dahil binibigyan ka ni Hesus ng pagkakataong pumili kung tatanggihan mo ba ang sarili mo ngayon o mawawalan ka ng kaluluwa sa kalaunan. Pero makikita mo rin na kapag meron kang isinuko para sumunod kay Hesus, magagalak ka na ginawa mo iyon.

### TANONG TALAKAYAN

#### GISINGIN/PUKAWIN

1. Noong bata ka pa, ano ang pinangarap mo paglaki mo? Kamusta ang realidad mo ngayon kung ikukumpara mo ito sa pangarap mo noon?
2. Pag-usapan yung panahon na meron kang kailangang gawin na mahirap. Paano mo iyon ginawa? Ano ang naging resulta?

#### MAKIAYON

3. Meron ka bang kilala na merong isinuko sa buhay para masundan lamang si Hesus? Paano nakaimpluwensiya sa iyo ang halimbawang iyon?
4. Meron ka na bang isinuko para sa iyong pananampalataya? Kung meron, paano iyon nakabago sa relasyon mo sa Panginoon?
5. Basahin ang Mateo 16:24-27. Paano nakakahamon sa iyo ang mga sailta ni Hesus? Sa anong paraan naman ito nakakagaan?

#### GAWIN

6. Nararamdaman mo ba na may kailangan ka nang gawin, o tigilan nang gawin, o simulang gawin, o baguhin, o isuko na bagay? Paano makakatulong sa iyo ang grupo sa bagay na ito?

### PAGSULONG

Ang kaligtasan natin ay libre. Wala itong bayad. Ang pagsunod kay Hesus ay may kabayaran sa kalaunan. Pero ang kaluluwa mo ay higit na mas mahala sa kahit ano mang bagay na kailangan mong isuko bilang pagsunod kay Hesus. Kaya patuloy kang sumunod sa kanya gaano pa man kalaki ang kailangang isuko. Gastahin mo ang buhay mo para sa kanya dahil sa kalaunan gagantimapalaan ka ng Panginoon ayon sa kung paano mo ginugol ang iyong buhay. Iisa lang ang buhay natin kaya gastahin mo ito nang tama.

### PAGPAPANIBAGONG ISIP

*Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin. Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito.*

#### **Mateo 16:24-25**